

YUNIT III

**Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi
sa Pandaigdigang Pagkakaisa**

Aralin 3:Lugar na Kinagisnan, Halina't Pasyalan

Lingguhang Layunin

Wikang Binibigkas

- Nakapaglalahad ng impormasyong natutunan mula sa napakinggang teksto
- Napag-uusapan ang mga personal na karanasan na may kaugnayan sa napakinggang teksto

Ponolohiya

Nadadagdagan, nababawasan o napapalitan ang isang tunog ng salita upang makabuo ng isang bagong salita

Gramatika

Nagagamit ang tamang pandiwa na naaayon sa ginamit na pangngalan o panghalip-pangkasalukuyan

Pag-unawa sa Pinakinggan

Naibibigay ang paksa ng kuwento/impormasyong napakinggan/nabasa

Pagsusulat

Naisusulat ang tsart sa paraang kabi-kabit

Unang Araw

Layunin

- Nakapaglalahad ng impormasyong natutunan mula sa napakinggang/nabasang teksto
- Napag-uusapan ang mga personal na karanasan na may kaugnayan sa napakinggang/ nabasang teksto

Paksang-aralin

Paglalahad ng impormasyong natutunan mula sa napakinggang teksto
Pag-uusap ng mga personal na karanasan na may kaugnayan sa napakinggang teksto

Kagamitan

larawan ng mga magagandang tanawin sa Pilipinas
larawan at tsart ng mga salitang nasa pagyamanin natin

Paunang Pagtataya

Alamin ang kaalaman ng mga bata sa araling tatalakayin sa buong linggo. Ipasagot ang **Sagutin Natin** sa LM.

Susi sa Pagwawasto-SsP

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Mali

FILIPINO 2

Tukoy-alam

Ano ang impormasyon?

Paano tayo nakapaglalahad o nakapagbibigay ng impormasyon?

Paglalahad

- Pagganyak

Pagpapakita ng mga magagandang tanawin sa Pilipinas.

Itanong: Alin sa mga lugar na ito ang inyong napuntahan na?

Pagpapayaman ng Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita sa tulong ng mga larawan o pangungusap. Ipagamit sa pangungusap.

1. pagsasaka (larawan)
2. parade (larawan)
3. dalisdis (larawan)
4. kumpol-kumpol (larawan)
5. hanapbuhay pangungusap

Pangingisda ang hanapbuhay ng aking tatay.

Pagtatalakay

Basahin sa mga mag-aaral ang kuwentong “Kakaiba ang Camiguin” sa

Basahin Natin LM, pahina__.

Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng mga gabay ng tanong sa **Sagutin**

Natin sa LM, pahina__

Talakayin kung papaano magbigay ng mga impormasyon.

Sabihin: May mga dadapt tayong tandaan sa pagbigay o paglalahad ng impormasyon.

Narito ang mga paraan ng paglalahad/pagibigay ng impormasyon.

1. Unawain muna ang sasabihin
2. Maging makatotohanan
3. Huwag magpaligoy-ligoy
4. Maging magalang
5. Gumamit ng payak na pangungusap.

Pagpapahalaga

Itanong: Anong dapat gawin upang maipagmalaki at mailahad ang mga magagandang lugar sa ating bansa?

Ipasagot ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina__.

Gawaing Pagpapayaman

- Hingin sa mga bata ang impormasyon ukol sa kuwentong napakinggan. Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, pahina__.
- Ipagawa ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina __. (Ito’y Pinatnubayang Gawain).

Paglalahat

Itanong: Ano ang impormasyon? Paano tayo nakapagpapahayag o nakapagbibigay ng impormasyon. Tingnan ang **Tandaan Natin** sa LM, pahina__

FILIPINO 2

Paglalatapat

Upang higit pang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa araling napag-aralan, ipagawa ang **Linangin Natin** sa LM, pahina ____

Kasunduan

Manood ng balita. Magtala ukol sa napakinggan.

Ikalawang Araw

Layunin

Nadadagdagan, nababawasan o napapalitan ang isang tunog ng salita upang makabuo ng isang bagong salita

Paksang-Aralin

Pagdagdag, pagbawas o pagpalit ng isang tunog ng salita upang makabuo ng isang bagong salita

Kagamitan

flashcard ng mga letra

Tukoy-alam

Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara: bola, bibig, bata

1. Kapag pinalitan ng unang tunog ng salitang bola ano ang Bagong salita na mabubuo?
2. Kapag tinanggal ang unang tunog sa salitang **bibig**, anong salita ang matitira.
3. Kapag dinagdag ang tunog /s/ sa salitang **bata** anong salita ang mabubuo?

Paglalahad

Pagganyak

- Awitin ang Alpabetong Filipino kasabay ang mga mag-aaral.
- Magpakita ng flashcard nga mga letra. Ipabigkas at ipatunog ang bawat letra.

Pagtalakay

Ipabasa ang mga salitang hango sa tekstong napakinggan kahapon na nasa **Basahin Natin** sa LM, pahina __. Talakayin ang mga tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, pahina __.

Magbigay pa ng mga salitang hango sa nabasang teksto. Dagdagan, bawasan o palitan ang isang tunog sa bawat salita upang makabuo ng bagong salita.

Pagpapahalaga

Itanong: Kung ikaw ay nasa isang magandang lugar sa Pilipinas, paano mo mapapanatiling maganda ito? Ipagawa ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina __.

Gawaing Pagpapayaman

- Padagdagan sa mga bata ng isang tunog ang mga salita upang makabuo ng bagong salita. Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, pahina __.

FILIPINO 2

- Hatiin sa 3 pangkat ang klase. Ipagawa ang mga gawain sa **Sanayin Natin** sa LM, pahina ____ .Ipasulat sa illustration board at ipaulat sa lider ng bawat pangkat. (Ito ay Malayang Pagsasanay)

Paglalahat

Itanong: Paano nakabubuo ng mga bagong salita? Tingnan ang

Tandaan Natin sa LM, pahina ____.

Paglalatap

Sukatin ang kaalaman ng mga bata sa araling natapos.Pasagutan ang

Linangin Natin sa LM, pahina ____.

SsP

1. belo , relo
2. ama, tama
3. bata , lata
4. toyo, yoyo
5. tagos, agos

Kasunduan

Baguhin ang sumusunod na salita sa pamamagitan ng pagdagdag, pagbabawas o pagpapalit ng isang tunog sa unahan,gitna o hulihan nito.

- | | |
|-----------|---------|
| 1. yaya | 4. bao |
| 2. bansa | 5. hiya |
| 3. bangka | |

Ikatlong Araw

Layunin

Nagagamit ang tamang pandiwa na naaayon sa ginamit na pangngalan o panghalip-pangkasalukuyan

Paksang-Aralin

Paggamit ng tamang pandiwa na naaayon sa ginamit na pangngalan o panghalip-pangkasalukuyan

Kagamitan

tsart para sa tukoy-alam

larawan ng babaeng may sunong na bilao sa ulo

Manila paper at pentel pen para sa gawain sa mga pagsasanay

Tukoy-Alam

Sabihin: Magbigay ng salitang kilos na kasalukuyang ginagawa ninyo ngayon.

Paglalahad

Pagganyak

Ipakita ang larawan ng babaeng may sunong na bilao sa ulo.

Pagpapayaman ng Talasalitaan

Piliin sa Hanay B ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A.

Isulat ang titik sa patlang.

Hanay A

Hanay B

FILIPINO 2

- | | |
|---------------|----------------|
| 1. tinig | a. uri ng isda |
| 2. Ayungin | b. boses |
| 3. talaan | c. tawanan |
| 4. halakhakan | d. listahan |

Pagtalakay

Ipabasa sa mga bata ang kuwentong “ Si Nanay at Si Aling Doray” sa **Basahin Natin** sa LM, pahina ____ . Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa **Sagutin Natin** sa LM.

Sabihin: Sa pagbuo ng pandiwang nasa aspektong pangkasalukuyan, ginagamit ang mga panlaping mag-/mang na magiging nag-/nang- at um- na sinusundan ng pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat.

Halimbawa:

Panlapi	Salitang-ugat	Pandiwa sa Aspektong	Nagaganap
mag		laba	naglalaba
mang		kuha	nangunguha
um		akyat	umaakyat

Pagpapahalaga

Itanong: Paano natin ipapakita ang tiwala at pagpapahalaga sa ating mga kaibigan? Ipabasa ang **Tandaan Natin** sa LM, pahina ____

Gawaing Pagpapayaman

Bigyang pagsasany ang mga mag-aaral sa paggamit ng tamang pandiwa. Ipasagot ang **Gawin Natin** sa LM, pahina ____ .

Pangkatin sa apat ang mga bata at ipagawa ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina ____ .

Paglalahat

Itanong: Kailan nangyari ang kilos ng pandiwang nasa aspektong pangkasalukuyan? Basahin ang **Tandaan Natin** sa LM, pahina ____ .

Paglalapat

Muling magkaroon ng pagsasanay sa paggamit ng tamang pandiwa. Ipagawa ang **Linangin Natin** sa LM, pahina ____ .

Kasunduan

Sumulat ng 5 pangungusap na gigamit ang pandiwang pangkasalukuyan.

Ikaapat na Araw

Layunin

Naibibigay ang paksa ng kuwento/impormasyong napakinggan/nabasa

Paksang Aralin

Pagbibigay ng paksa sa kuwento/impormasyong napakinggan/nabasa

Kagamitan

Lapis at papel

Tukoy-Alam

Nakinig ba kayo ng balita kaninang umaga? Ano ang paksa ng napakinggan ninyong balita?

Paglalahad

FILIPINO 2

Pagtatalakay

Muling basahin ang “ Si Nanay at Si Aling Doray”at ipasagot ang

Sagutan Natin sa LM, pahina ___.

Pagpapahalaga

Ano-anong katangian ang dapat taglayin ng isang tapat na kaibigan?

Ipasagot ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina ___.

Gawaing Pagpapayaman

Magkaroon ng pagsasanay sa pagbibigay ng paksa. Ipagawa ang

Gawin Natin sa LM, pahina ___.

Ipabigay ang paksa ng bawat talata. Ipagawa ang **Sanayin Natin** sa

LM, pahina___.

Paglalahat

Itanong: Ano ang paksa ng kuwento? Saang bahagi ito matatagpuan sa isang kuwento o talata?

Paglalapad

Magkaroon pa ng isang pagsasanay sa pagbibigay ng paksa.

Gawin ang **Linangin Natin** sa LM, pahina___.

SsP

Masipag na bata si Mara

Pagsusulat

Ipasulat ang tsart sa paraang kabi-kabit na sa **Sulatin Natin** sa LM, pahina___

Kasunduan

Takdang-Aralin

Sabihin: Pag-aaralan ang iba pang magagandang tanawin sa ating bansa.

Magdala ng ibang larawang magagandang tanawin sa Pilipinas, gunting, pandikit, manila paper.

Ikalimang Araw

Layunin :

Nakakaggawa ng collage ng maggandang tanawin sa Pilipinas at pagbibigay impormasyon ukol dito.

A. Panimulang Gawain

1. Gagabayan ang mga mag-aaral ng mga alituntunin bago magsimula sa pagsusulit.
2. Ipahanda sa mga bata/mag-aaral ang kanilang mga gamit.
3. Ipabasa at ipaliwanag ang mga panuto.

Collage Making

Pangkatin ang klase sa walong pangkat. Bawat pangkat ay gagawa ng Collage ng magagandang tanawin sa Pilipinas gamit ang mga gamit na pinadala sa kanila.

Ipadikit ang mga larawan sa manila paper. Bawat larawan ay palalagyang ng impormasyon. Ipaulat sa lider ng bawat pangkat ang kanilang gawa.